Ang VAAC ay nagbibigay rin ng mga rekomendasyong tumutukoy at nagbibigay ng prioridad sa mga aktibidad at programa upang masiguro na ang mga botanteng may kapansanan ay makakaboto nang mag-isa. Kasama sa mga responsibilidad ng komite ang pagbibigay ng kadalubhasaan sa mga bagay na kaugnay ng kadaliang paggamit; pagsasama ng mga pamamaraan sa kadaliang paggamit sa mga pagpapatakbo; ang pagbibigay ng feedback sa opisina ng Tagapagrehistro tungkol sa mga pamantayan sa kadaliang paggamit at pakikipag-ugnayan sa mga botanteng may kapansanan.

Ang mga agenda ng miting ng VAAC at ang listahan ng mga miyembro at sumusuportang organisasyon para sa bawat grupo ay matatagpuan simula sa pahina 85 sa Mga Apendise. Ang mga kasama sa komunidad ng wika at ang mga kasama sa komunidad ng may kapansanan ay nakalista sa pahina 88 sa Mga Apendise.

Mga Workshop para sa Edukasyon ng Botante para sa mga Komunidad na Nangangailangan ng Tulong sa Wika §4005(a)(10)(I)(i)(VI)(ia)

Kasunod ng pinal na paglalathala ng EAP noong Marso 2022, ang opisina ng Tagapagrehistro ay nagsagawa ng mga workshop para sa edukasyon ng botante sa buong county upang makapagbigay ng impormasyon tungkol sa vote center at eleksyon para sa bawat isa sa mga wika sa County ng San Diego na inire-require ng estado at pederal na gobyerno. Kabilang sa mga wikang sakop ng pederal na pamahalaan ang Spanish, Filipino, Vietnamese, at Chinese. Kabilang sa mga wikang nasasakupan ng estado ang Arabic, Japanese, Korean, at Laotian.

Ang opisina ng Tagapagrehistro ay higit pa ang ginawa sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga workshop na pinagtutuunan ang mga komunidad na Somali at Persian sa County ng San Diego.

Bawat workshop ay nagsama ng impormasyon tungkol sa modelo ng vote center, pangkalahatang pananaw/mga pagpapakita ng kagamitan sa pagboto, mga serbisyong tulong sa wika, mga opsyon sa paghulog ng balota, at mga paraan upang humiling ng mga isinaling materyal sa eleksyon. Ang impormasyon tungkol sa mga workshop ay nakalista sa website ng Tagapagrehistro at ibinabahagi sa LAAC at mga organisasyong pangkomunidad sa wika.

Patuloy na gaganapin ang mga workshop bago ang bawat eleksyon. Ang mga workshop at kaganapan sa hinaharao ay matatagpuan dito [Kalendaryo ng Komunidad \(sdvote.com\)](https://sdvote.com).

Mga Paraan Upang Matukoy ang mga Komunidad na Nangangailangan ng Tulong sa Wika

§4005(a)(10)(I)(i)(V)

Ang opisina ng Tagapagrehistro ay ginagamit ang bilang ng mga botanteng humihiling ng tulong sa wika sa pamamagitan ng mga form ng pagpaparehistro ng botante. Ang mga botante ay maaari ring magbigay ng paunawa sa opisina ng Tagapagrehistro ng tungkol sa gusto nilang wika sa pamamagitan ng telepono, fax, email o online upang i-update ang kanilang gustong wika. Ang mga pinagkukunang tulad ng Kawanihan ng Senso ng Estados Unidos ay tumutulong upang matukoy ang mga lugar kung saan maaaring may mga komunidad na may limitadong kasanayan sa English at maaaring mangailangan ng tulong sa wika.

Bilang karagdagan, ang opisina ng Tagapagrehistro ay tumatanggap ng mungkahi mula sa mga kasama sa komunidad ng nangangailangan ng tulong sa wika tungkol sa pamamahagi sa lugar kung saan ang mga komunidad na nangangailangan ng tulong sa wika ay matatagpuan sa County ng San Diego.

Toll-Free na Linyang Tatawagan para sa Botante at Tulong sa Wika

§4005(a)(10)(I)(vii), §4005(a)(10)(I)(i)(I)

Patungo sa Araw ng Eleksyon, ang opisina ng Tagapagrehistro ay nagpapatakbo ng isang call center na may mga tauhang mga bilingguwal na operator at gumagamit ng serbisyo ng matatawagang tagapagsalin upang tulungan ang mga botante (sa wika o sa mga may kapansanan) sa mga tanong bago, sa panahon ng, at pagkatapos ng eleksyon. Ang toll-free na numero ng call center ay (800) 696-0136.

Ang toll-free na numero ng telepono ay inilathala sa website ng opisina ng Tagapagrehistro, mga pahayag ng serbisyo sa publiko, at ibibigay sa pakikipag-ugnayan ng media at direktang impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng botante kabilang ang Pamplet ng Impormasyon para sa Botante. Mayroong isang walang bayad na numerong maglilingkod sa publiko, kabilang ang mga komunidad na nangangailangan ng tulong sa wika.

Ang mga botanteng hindi nakakarinig, nahihirapang makarinig, o may kapansanan sa pagsasalita ay maaaring gumamit ng California Relay Service (CRS) sa pamamagitan ng pagdial ng 711 upang magamit ang sistema ng telepono sa pamamagitan ng isang tekstong telepono (TTY) o ibang kagamitan upang tawagan ang Walang-Bayad na Linya ng Telepono ng Tagapagrehistro ng Botante. Sinusuportahan ng CRS ang mga sumusunod na paraan ng komunikasyon. TTY, VCO, 2LVCO, HCO, STS, VASTS, ASCII, o Voice.

[Mga Workshop para sa Edukasyon ng Botante para sa mga Komunidad na May Kapansanan §4005\(a\)\(10\)\(I\)\(i\)\(VI\)\(ib\)](#)

Kasunod ng pinal na paglalathala ng EAP, ang opisina ng Tagapagrehistro ay nagsagawa ng maraming workshop para sa edukasyon ng botante upang dagdagan ang kadaliang paggamit at paglahok ng mga karapat-dapat na botanteng may kapansanan. Isinama sa mga workshop ang edukasyon tungkol sa modelo ng vote center, pangkalahatang pananaw/mga pagpapakita ng kagamitan sa pagboto, ang kadaliang paggamit ng kagamitan sa pagboto, impormasyon tungkol sa ballot drop-off, at mga opsyon para sa pagkuha ng accessible na balota ng pagboto-sa-koreo.

Ang impormasyon tungkol sa mga workshop ay nakalista sa website ng Tagapagrehistro at ibinabahagi sa VAAC at mga organisasyong pangkomunidad sa kapansanan.

Patuloy na gaganapin ang mga workshop bago ang bawat eleksyon. Ang mga workshop at kaganapan sa hinaharao ay matatagpuan dito [Kalendaryo ng Komunidad \(sdvvote.com\)](#).

[Remote Accessible Vote-By-Mail Outreach §4005\(a\)\(10\)\(I\)\(i\)\(II\)](#)

Ang opisina ng Tagapagrehistro ay nagpatupad ng plano ng pakikipag-ugnayan upang ipaalam sa mga botante ang pagkakaroon ng RAVBM at patuloy na makikipagtulungana sa VAAC upang suriin ang iba't ibang istatehiya upang mapaigting ang kaalaman at pakikibahagi ng mga taong may kapansanan. Ang materyal na pang-edukasyon tungkol sa opsyong RAVBM ay kasama sa pakete ng balotang pangkoreo, pamplet ng impormasyon para sa botante, at pagpapakoreong impormasyon tungkol sa mga opsyon sa pagboto na ibinibigay sa lahat ng aktibong rehistradong botante sa panahon ng siklo ng eleksyon.

Noong 2022, mayroong 4,564 na botanteng bumoto gamit ang solusyong RAVBM ng Tagapagrehistro.

[Mga High School](#)

Ang opisina ng Tagapagrehistro ay bumuo ng mga matatag na ugnayan sa mga high school sa pamamagitan ng Programa ng Estudyanteng Manggagawa sa Botohan sa ilalim ng nakaraang pang-isang-araw na modelo ng eleksyon. Ang programa ay nagpahintulot sa mga estudyanteng lumahok bilang mga manggagawa sa botohan sa Araw ng Eleksyon at makakuha ng mismong karanasan sa demokratikong proseso. Kasalukuyan naming muling binubuo ang pang-isang-

araw na programa ng estudyanteng manggagawa sa botohan na isasama sa kasalukurang pangmaramihang araw na modelo ng eleksyon.

Bukod dito, patuloy na gagamitin ng opisina ng Tagapagrehistro ang mga kasalukuyan nitong ugnayan sa mga high school upang magbigay ng mga oportunidad bago ang rehistrasyon, pagsasanay sa rehistrasyon ng botante, at impormasyon tungkol sa kung paano isinasagawa ang mga eleksyon sa ilalim ng modelong vote center.

Mga Kolehiyo at Unibersidad

Mayroong mahigit dalawampung kolehiyo at unibersidad sa County ng San Diego. Ang opisina ng Tagapagrehistro ay bumuo ng mga ugnayan sa maraming kolehiyo at unibersidad sa pamamagitan ng pagho-host sa mga lokasyon ng pagboto at lokasyon ng mail ballot drop box, pati na rin ang pagsuporta sa mga pagsusumikap para sa edukasyon ng botante at pagsasanay sa rehistrasyon ng botante sa mga organisasyong pang-estudyante.

Ipinagpapatuloy ng opisina ng Tagapagrehistro ang mga pagsusumikap nito sa pagpapalano kasama ang mga kolehiyo at unibersidad upang pangasiwaan ang vote center o lokasyon ng mail ballot drop box sa campus. Ang mga lugar ng ballot drop box sa mga campus ng kolehiyo ay madadagdagan mula sa tatlong lokasyon, University of California San Diego, San Diego State University, at California State University San Marcos sa layunin ng pagbibigay ng mga drop box sa hindi bababa sa apat na karagdagang campus ng kolehiyo.

Mga Pasilidad ng Detensyon, Probasyon, at Parole

Ang opisina ng Tagapagrehistro ay nagtatag ng mga ugnayan sa mga pasilidad ng detensyon, at ng departamento ng probasyon upang magbigay ng kasanayan sa rehistrasyon ng botante, impormasyon tungkol sa eleksyon, balita, flyer at poster, update, at nananatili kaming makakasagot sa mga tanong ng mga tauhan habang tumutulong sila sa mga botante sa buong taon.

Pag-uugnayin din namin ang pagtanggap ng mga rehistrasyon ng botante, pamamahagi ng mga balota kabilang ang kondisyonal na rehistrasyon ng botante, at ang pagbalik ng mga balota para sa bawat pasilidad ng detensyon ng county.

Magbibigay kami ng pagsasanay sa boluntaryo sa mga tagalabas na organisasyon na nakipag-ayos sa departamento ng Sheriff upang iparehistro ang mga indibidwal sa mga pasilidad ng detensyon sa county.

Patuloy kaming makikipagtulungan sa mga organisasyon at tagapagtaguyod ng komunidad upang matukoy kung paano namin masusuportahan ang mga pagsusumikap upang ipaalam sa mga naka-probasyon o parolado ng kanilang mga karapatang magparehistro at bumoto.

Ang opisina ng Tagapagrehistro ay bumuo ng poster na may iniakmang pagmemensahe para sa mga opisina ng probasyon at parole at sa mga inirerekomandang komunidad sa Southeast San Diego, National City, City Heights, Barrio Logan, at North County.

Pakikibahagi ng Botante at mga Kaganapan sa Komunidad

Ang paglahok sa mga kaganapan sa buong County ng San Diego ay isang mahalagang bahagi ng programa ng pakikipag-ugnayan sa botante ng Tagapagrehistro. Sumasakop sa magkakaiba

at malawak na lugar, ang mga pagsusumikap na ito ay naglalayong makamit ang mga sumusunod na layunin:

- Bigyan ng edukasyon ang mga botante tungkol sa modelo ng vote center at mga opsyon sa pagboto
- Magbigay ng impormasyon at magpahintulot ng oportunidad para sa mga indibidwal na magparehistro para makaboto
- Iugnay at pagsumikapan ang mga oportunidad sa pakikipagtulungan

Dahil mayroong maraming grupo sa loob ng County ng San Diego, ang paglahok sa mga kaganapan sa komunidad ay nagpapahintulot sa opisina ng Tagapagrehistro na itaguyod ang mga serbisyo, bumuo ng mga pagtutulungan, at makipag-ugnayan sa iba't ibang komunidad. Sa mga pinagtutuunang grupo ay kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, mga sumusunod:

- Mga grupong pangkomunidad
- Mga simbahan
- Mga klase sa pagiging mamamayan
- Mga Grupo para sa Wika
- Mga rotary club
- Mga High School
- Mga Unibersidad
- Mga asosasyon ng propesyonal
- Mga organisasyon ng estudyante
- Mga ahensya ng serbisyo sa publiko
- Mga club na pangkultura
- Mga organisasyong non-profit
- Mga grupo ng kabataan
- Mga organisasyong nagseserbisyo
- Mga senior citizen center

[Mga Kaganapan sa Komunidad](#)

Upang mapanatili ang presensya sa komunidad, patuloy na magpopokus ang opisina ng Tagapagrehistro sa mga pagsusumikap nitong makipag-ugnay sa komunidad sa mga maliit hanggang katamtaman at malalaking kaganapan. Ang opisina ng Tagapagrehistro ay dadalo sa mga kaganapang ito upang irehistro ang mga karapat-dapat na botante at upang magbigay ng impormasyon tungkol sa modelo ng vote center, mga opsyon sa pagboto at iba pang impormasyon tungkol sa eleksyon. Ang mga tauhan ay magpapalahok sa publiko, sasagutin ang mga tanong, at tutulong sa pagkumpleto ng mga porma ng pagpaparehistro para sa botante.

Sa pamamagitan ng paglahok sa mga kaganapang ito, ang opisina ng Tagapagrehistro ay magkakaroon ng access sa libu-libong indibidwal sa mga komunidad sa buong County ng San Diego. Ang listahan ng potensyal na mga kaganapan sa komunidad na pinagsusumikapan ay makukuha sa pahina 55 sa Mga Apendise.

Pangkalahatang Plano sa Media

§4005(a)(10)(I)(i)(I)

Upang maipaalam sa mga botante ng County ng San Diego ang kanilang mga opsyon sa pagboto, ang opisina ng Tagapagrehistro ay gagawa ng malawak na pagharap upang marating ang pinakamaraming posibleng botante, nang maraming beses.

Ang mga taktikang pang-advertising ay kinabibilangan ng, ngunit hindi limitado sa, social media, direktang koreo, print, broadcast, video, digital, mga outdoor na poster, mga poster sa pansamantalang shelter, mga billboard, streaming audio, at radyo. Layunin ng Tagapagrehistro ang lubusang gamitin ang mga media outlet para sa mga botante upang madagdagan ang potensyal para makita ng botante ang mga materyal na nagbibigay ng impormasyon at pang-marketing.

Bukod sa pakikipag-ugnayan sa pangkalahatang merkado, itatampok sa kampanya ng media ang mga anunsyong nasa iba't ibang wika na pinagtutuunan ang mga mahirap maabot na komunidad, lugar na may mababang pagboto, hindi lubusang napaglilingkurang populasyon, at marami pa.

Mga Kasama sa Media

§4005(a)(10)(I)(i)(II), §4005(a)(10)(I)(i)(VIII)

Ang opisina ng Tagapagrehistro ay magbibigay ng mga balita, video at social media content para sa pangmaramihang distribusyon at publikasyon sa mga kasalukuyang kasama sa media at maghahanap ng iba pang pinagkakatiwalaang pinagkukunan ng media upang ibahagi ang impormasyon. Ang mga opsyon sa kadaliang paggamit, mga paraan upang humiling ng accessible na balota, mga lokasyon ng vote center at ballot drop box, ibang mga pangkalahatang impormasyon tungkol sa eleksyon at ibang mga update sa pagboto ay ibabahagi sa mga kasama sa media. Para sa listahan ng mga kasama sa media, mangyaring tingnan ang pahina 75 sa Mga Apendise.

Ang mga balita ay ipo-post sa pamamagitan ng [County News Center](#) na magpoposisyon sa impormasyon bilang napapanahon at kritikal. Ang mga kwentong nai-post sa pamamagitan ng County News Center ay ibinabahagi at ipinapalaganap sa publiko sa pamamagitan ng lokal na media. Ang lahat ng kwento ay isinasalin sa Spanish, Filipino, Vietnamese, at Chinese at ipinapadala sa mga naaangkop na media outlet para sa wika.

Bukod dito, ang Tagapagrehistro ay madalas na makikita sa lokal na media upang magbigay ng bagong impormasyong nauugnay sa eleksyon.

Language Media Partners

§4005(a)(10)(I)(i)(I)

Ang iba't ibang komunidad ng County ng San Diego ay tumatanggap ng mga update sa balita at impormasyon mula sa iba't ibang pinagkukunan, kabilang ang media outlet para sa wika. Ang opisina ng Tagapagrehistro ay naglaan ng mga full-time na tauhan upang maglingkod bilang mga tagapamagitan sa mga komunidad na nangangailangan ng tulong sa wika at nakabuo ng matatatag na ugnayan sa mga kasama sa media para sa wika sa mga komunidad na nagsasalita ng Spanish, Filipino, Vietnamese, at Chinese. Ang impormasyon tungkol sa mga

darating na eleksyon at ang toll-free na linya ng telepono na tulong sa botante ay ibabahagi sa mga kasama sa media para sa wika. Para sa listahan ng mga kasama sa media para sa wika, mangyaring tingnan ang pahina 76 sa Mga Apendise.

[Mga Direktang Kontak sa Botante](#)

§4005(a)(10)(I)(i)(X)

Nagpapadala ang opisina ng Tagapagrehistro ng mga direktang pagpapakoreo para sa bawat eleksyon upang ipaalam sa lahat ng aktibong rehistradong botante ang pagkakaroon ng toll-free na linya ng telepono para sa tulong sa botante at magbigay ng impormasyon tungkol sa eleksyon at kanilang mga opsyon sa pagboto. Ang mga pagpapakoreo ay maaaring mag-iba nang ayon sa sukat pero ididisenyo upang makuha ang atensyon ng botante sa pagpapakilala at pagmensahe ng Tagapagrehistro ng mga Botante at ng County. Ang mga pagpapakoreo ay maaari ring magbigay ng impormasyon tulad ng mga opsyon sa pagboto, mga lokasyon ng vote center at ballot drop box at mga oras, o kailan aasahan ang Pamplet ng Impormasyon para sa Botante o opisyal na pakete ng balotang pangkoreo.

Ang bawat ipapakoreo ay isasalin sa bawat pederal na sakop ng wika ng county. Ang bersyong English ng ipapakoreo ay kabibilangan ng pagmemensahe sa bawat isa sa mga pederal na sakop ng wika sa county na naglalarawan ng kung paano makukuha ng botante ang ipapakoreo o iba pang mga materyales sa eleksyon sa ibang wika.

Ang unang apat na ipapakoreo ay ipapadala ng humigit-kumulang 99 araw bago ang Araw ng Eleksyon (E-99) na may pinal na ipapakoreo na lalabas bago lamang mabuksan ang mga vote center (mga E-22). Bukod sa mga ipapakoreong ito na nabanggit sa itaas, ang may pinagtutuunang pagmemensahe ay isasama rin sa Pamplet ng Impormasyon para sa Botante na magsisimulang lalabas sa E-40 at sa opisyal na balotang pangkoreo na lalabas sa E-29.

Isang sampol na unang ipapakoreo ang matatagpuan sa mga pahina 128-132 sa mga Apendise.

[Postage-Paid Postcard para sa Paghiling ng mga Materyal sa isang Alternatibong Wika o Accessible Format](#)

§4005(a)(8)(B)(iii)

Ang lahat ng rehistradong botante ay tatanggap ng postage-paid postcard sa kanilang Pamplet ng Impormasyon para sa Botante upang humiling ng balotang pangkoreo sa isang accessible na pormat at upang humiling ng mga materyal na pang-eleksyon sa mga alternatibong wika alinsunod sa §14201 ng California Elections Code at §203 ng pederal na Voting Rights Act. Ang mga instruksyon ay isasama sa pampleto at sa website ng Tagapagrehistro para sa pagkumpleto at pagbabalik sa postcard.

[Mga Pahayag ng Serbisyo sa Publiko](#)

§4005(a)(10)(I)(i)(VIII), §4005(a)(10)(I)(i)(IX)

Ang opisina ng Tagapagrehistro ay lumikha ng mga visual at audio PSA na may iba't ibang haba at tema upang ipaalam sa mga botante ang tungkol sa mga paparating na eleksyon (isinalin sa lahat ng wikang sakop ng pederal na gobyerno). Ang mga nilalaman ay nagbibigay

ng impormasyon, pati na rin ng instruksyon gaya ng pagbibigay ng paunawa sa mga botante tungkol sa paparating na eleksyon at mga opsyon para sa pagboto. Ang mga video at audio ay nagtataguyod ng toll-free at accessible na matatawagang linya ng telepono para sa botante upang magtanong at tumanggap ng impormasyon na nauugnay sa pagboto at eleksyon.

Ang mga video ay may open-caption at nasa accessible na mga format upang magamit ng mga botanteng nahihirapang makarinig o hindi makarinig at mga botanteng hindi nakakakita o may kapansanan sa paningin. Bukod dito, ang mga video ay irekord upang marinig sa Spanish, Filipino, Vietnamese, at Chinese. Ang nilalaman ay ipagkakaloob sa mga pangkalahatang kasama sa media at mga kasama sa media para sa wika. Mangyaring tingnan ang pahina 75 sa Mga Apendise para sa listahan ng mga pangkalahatang kasama sa media at pahina 76 para sa mga kasama sa media para sa wika.

Social Media

Ang opisina ng Tagapagrehistro ay gumagamit ng social media upang makaakit ng mga bagong botante at upang magbigay ng impormasyon sa mga kasalukuyang botante tungkol sa modelo ng vote center, mga kritikal na deadline, mga opsyon at tip sa pagboto, mga vote center at lokasyon ng ballot drop box.

Ang opisina ng Tagapagrehistro ay gumagamit ng Facebook, Instagram, Twitter, at Nextdoor upang itaguyod ang impormasyon tungkol sa vote center at pagtuunan ang mga wika (English, Spanish, Filipino, Vietnamese, at Chinese) at mga populasyon sa County ng San Diego gaya ng African American, American Indian, Hispanic/Latin, Filipino, Vietnamese at Chinese.

Nasa ibaba ang mgaistratehiya sa social media upang maisakatuparan ang mga pangkalahatang layunin na bigyan ng kaalaman at edukasyon ang mga botante tungkol sa modelo ng vote center at kanilang mga opsyon sa pagboto:

- Mga inisponsor na post sa lahat ng channel ng social media na nakatuon sa mga gumagamit batay sa lokasyon, demograpiya, mga interes ng gumagamit, pag-uugali, at mga preperensya ng gumagamit
- Lumikha ng buwanang kalendaryo ng social media na nagbabahagi ng mahalagang impormasyon tungkol sa eleksyon kabilang ang mga deadline, opsyon sa pagboto, at marami pa
- Itakda ang opisina ng Tagapagrehistro bilang opisyal na sanggunian ng impormasyon tungkol sa eleksyon sa County ng San Diego sa pamamagitan ng pagbabahagi ng mahalagang impormasyon tungkol sa eleksyon, paghihiwa-hiwalay ng proseso ng pagboto, pagbibigay ng mga detalye tungkol sa seguridad ng eleksyon, pagwawaksi ng maling impormasyon tungkol sa eleksyon, at pagsagot sa mga pinakamadalas na itanong ng botante
- Lumikha ng nakakatawag-pansin na content kabilang ang graphics at mga video upang mapanatiling nakikibahagi at may kaalaman ang mga botante

Mga Outdoor na Poster, Transit Shelter at Billboard

Bukod sa tradisyonal at digital advertising, ang opisina ng Tagapagrehistro ay ginagamit sa istrategikong paraan ang mga billboard sa kapitbahayan at malalaking outdoor na poster sa

mga gasolinahan, convenience store, grocery store, tindahan ng alak, restawran, at bodega, pati na rin ang advertising sa mga transit shelter na matatagpuan sa mga mahirap maabot na kapitbahayan batay sa pinagtutuunang piling zip code at kagamitang pangmapa ng Center for Inclusive Democracy. Itatampok sa bawat display ang English at ang wikang kumakatawan sa partikular na kapitbahayan.

Ang mga taktikang ito ay nagpapahintulot sa opisina ng Tagapagrehistrong pagtuunan ang mga kapitbahayang hindi maabot ng iba pang anyo ng tradisyonal na media.

Para sa nakaraang sampol na mga lokasyon ng malaking poster, mangyaring tingnan ang pahina 77 sa Mga Apendise. Ang lahat ng lokasyon ay napapailalim sa pagiging available nito.

Website

§4005(a)(10)(I)(i)(IV)

Ang website ng Tagapagrehistro, ang sdvote.com ay lubos na ginagamit bilang pangunahing pinagkukunan ng impormasyon nauugnay sa eleksyon at mga materyal para sa publiko. Ang impormasyon sa website ay nasa mga accessible na format at makukuha ng publiko. Kasama rito ang EAP, mga paraan upang humiling ng accessible na balotang pangkoreo, ang kakayahang gumamit ng accessible na ballot marking device at kung paano ito gagamitin, mga listahan ng mga lokasyon ng vote center at ballot drop box, at iba pang impormasyong nauugnay sa VCA.

Ang mga materyal sa website ay isinalin din sa mga wika ng Tagapagrehistro na sakop ng pederal na gobyerno nang sa gayon ang mga botanteng may limitadong kahusayan sa English ay maa-access ang mahalagang impormasyon tungkol sa eleksyon sa mga wikang ito. May limang natatanging bersyon ng website ng Tagapagrehistro upang mabigyan ng akomodasyon ang apat na pederal na inire-require na wika. Ang Google translate tool ay ibinibigay rin sa website para agad na maisalin ang mga web page sa mahigit 100 pang wika.

Budget para sa Voter Outreach

§4005(a)(10)(I)(i)(VII), §4005(a)(10)(I)(i)(VII)

Ang paglipat sa modelo ng vote center ay isang pundamental na pagbabago para sa mga botante ng County ng San Diego at mangangailangan ng malaking pagpopondo para sa maraming bahagi ng Voter Education and Outreach Plan sa siklo ng eleksyon sa 2024.

Pagpopondo sa Edukasyon at Outreach Funding at Paghahambing sa mga Nakaraang Badyet

Ang piskal na taon ay mula Hulyo 1 hanggang Hunyo 30 ng sumunod na taon.							
	FY 2019-20	FY 2020-21	FY 2021-22			*FY 2022-23	**FY 2023-24
Aktibidad	<i>Pampanguluhang Primaryang Eleksyon</i>	<i>Pampanguluhang Pangkalahatang Eleksyon</i>	<i>Gubernatoryal na Recall na Eleksyon</i>	<i>Espesyal na Primaryang Eleksyon ng Ika-80 na Distrito ng Assembly</i>	<i>Gubernatoryal na Primaryang Eleksyon</i>	<i>Gubernatoryal na Pangkalahatang Eleksyon</i>	<i>Pampanguluhang Primaryang Eleksyon</i>
Advertising (social media, print, broadcast, video, digital, mga outdoor na poster, poster, audio, at radyo)	\$34,500	\$703,115	\$650,000		\$647,893	\$187,724	\$650,000
Mga Direktang Koreo (ipadala sa lahat ng rehistradong botante)	\$562,664	\$964,061	\$347,000	\$183,744	\$1,466,343	\$1,973,953	\$2,184,235
Mga Legal Ad sa Dyaryo (bukod sa advertising na nakasulat sa itaas)	\$84,238	\$62,174	\$45,945	\$1,000	\$9,510	\$13,446	\$50,000
Iba pang mga Advertising (kampanya at pamamahala ng pagbili ng ad, disenyo, likhang-sining, at paggawa ng video)	\$15,552	\$251,493			\$178,821	\$48,506	\$250,000
Iba pang mga Operasyon sa Pakikipag-ugnayan (mga serbisyo ng pangangasiwa, interpreter, at pagsasalin)					\$132,822	\$204,847	\$190,000
Programa ng Pakikipag-ugnayan at Edukasyon ng Botante (gastos sa programa at paglalagay ng tauhan)	\$1,015,173	\$1,087,491	\$422,580	\$105,645	\$739,514	\$1,202,279	\$1,242,086
	<i>Actuals</i>	<i>Actuals</i>	<i>Actuals</i>	<i>Actuals</i>	<i>Actuals</i>	<i>Actuals</i>	<i>Budget</i>
KABUUANG BUDGET (PAKIKIPAG-UGNAYAN AT EDUKASYON)	\$1,712,127	\$3,068,334	\$4,930,817			\$3,630,755	\$4,566,321

***FY 2022-23: Mga pondong na-divert mula sa advertising patungo sa higit pang pakikipag-ugnayan sa botante at mga pangangailangang pang-edukasyon ng programa.**

****FY 2023-24: Maaring ilipat ang budget sa pagitan ng mga aktibidad batay sa pangangailangan.**

Mga Apendise

Mga Pampublikong Miting

Sa pagbuo ng EAP, pinangasiwaan ng opisina ng Tagapagrehistro ang mahigit sa minimum na bilang ng mga pampublikong miting sa County ng San Diego upang maglikom ng mungkahi mula sa publiko. Ang mga miting na ito ay nagbigay sa mga dumalo ng oportunidad na matutunan ang tungkol sa paglipat ng county sa modelong vote center at makapagbigay ng feedback.

Upang isama ang mga pinagtutuunang komunidad, ang tulong sa wika ay ibinigay sa mga piling miting at ang mga partikular na miting ay itinaguyod sa komunidad ng may kapansanan. Ang mga karagdagang pampublikong miting na higit pa sa inaasahan pagdating sa kung ano ang ini-require ng pang-estado at pederal na batas ay isasagawa para sa mga komunidad na Native American at Somali.

Mga Pinagtutuunang Komunidad	Bilang ng mga Miting
Komunidad ng May Kapansanan	4
Mga Senior	1
Hispanic/Latino	5
Vietnamese	5
Chinese	5
Filipino	6
Japanese	3
Korean	3
Arabic	4
Laotian	1
Mga Karagdagang Komunidad	Bilang ng mga Miting
Native American	2
Somali	1

Iskedyul ng Pamublikong Miting

Ang buong iskedyul ng mga pamublikong miting sa panahon ng pagbuo ng EAP ay ibinibigay sa ibaba.

Petsa at Oras	Wika	Nakapokus na Komunidad	Personal o Virtual?	Adres ng Lokasyon
Ika-9 ng Disyembre, 2021 6 PM hanggang 8 PM	English/Vietnamese	Vietnamese	Pareho	Mira Mesa Rec Center: 8575 New Salem St, San Diego
Ika-10 ng Disyembre, 2021 5 PM hanggang 7 PM	English	Native American	Personal	Alpine County Library: 1752 Alpine Blvd. Alpine
Ika-10 ng Disyembre, 2021 5:30 PM hanggang 8 PM	English/Filipino	Filipino	Pareho	Registrar of Voter's office: 5600 Overland Avenue, San Diego
Ika-14 ng Disyembre, 2021 5 PM hanggang 7 PM	English	Native American	Personal	Valley Center County Library: 29200 Cole Grade Road, Valley Center
Ika-14 ng Disyembre, 2021 6 PM hanggang 8 PM	English/Spanish	Hispanic/Latino	Pareho	Chula Vista Public Library Civic Center: 365 F St, Chula Vista
Ika-15 ng Disyembre, 2021 1 PM hanggang 3 PM	English/Chinese	Chinese	Pareho	4S Ranch San Diego County Library Branch: 10433 Reserve Dr., San Diego
Ika-15 ng Disyembre, 2021 5 PM hanggang 7 PM	English/Filipino	Filipino	Pareho	Oceanside Public Library Mission Branch: 3861 Mission Ave, Oceanside
Ika-16 ng Disyembre, 2021 6 PM hanggang 8 PM	English	Pangkalahatan (coordinated kasama ang NAACP)	Virtual	
Ika-18 ng Disyembre, 2021 10 AM hanggang 12 PM	English/Vietnamese	Vietnamese	Pareho	Wesley United Methodist: 5380 El Cajon Blvd, San Diego
Ika-18 ng Disyembre, 2021 2 PM hanggang 4 PM	English/Filipino	Filipino	Pareho	Skyline Hills Library 7900 Paradise Valley Road, San Diego
Ika-4 ng Enero, 2022 6 PM hanggang 8 PM	English/Spanish	Hispanic/Latino	Pareho	Skyline Hills Library 7900 Paradise Valley Road, San Diego
Ika-5 ng Enero, 2022 11 AM hanggang 1 PM	English/Chinese	Chinese	Pareho	Mira Mesa Chinese Baptist Church: 3317 Clairemont Mesa Blvd, San Diego
Ika-5 ng Enero, 2022 5:30 PM hanggang 7:30 PM	English	Pangkalahatan (coordinated kasama ang The Center)	Virtual	
Ika-6 ng Enero, 2022 5 PM hanggang 7 PM	English/Arabic	Arabic	Personal	El Cajon Branch Library: 201 E Douglas Ave, El Cajon
Ika-11 ng Enero, 2022 10 AM hanggang 12 PM	English	Mga Senior Citizen at Komunidad ng may Kapansanan	Virtual	
Ika-26 ng Pebrero, 2022 1 PM hanggang 3 PM	English/Somali	Somali (coordinated kasama ang PANA)	Personal	Colina Park 4085 52 nd Street, San Diego
Ika-24 ng Enero, 2022 5:30 PM hanggang 7:30 PM	English, ASL, Spanish, Filipino, Vietnamese, Chinese, Arabic, Japanese, Korean, & Laotian	Mga Komunidad ng May Kapansanan at Wika ng Pederal/Estado	Virtual	
Ika-28 ng Enero, 2022 5:30 PM hanggang 7:30 PM	English, ASL, Spanish, Filipino, Vietnamese, Chinese, Arabic, Japanese, & Korean	Pangkalahatang Publiko, Mga Komunidad ng May Kapansanan at Wika ng Pederal/Estado	Virtual	Virtual dahil sa pagtaas ng kaso ng COVID-19
Ika-3 ng Pebrero, 2022 5:30 PM hanggang 7:30 PM	English, ASL, Spanish, Filipino, Vietnamese, Chinese, Arabic, Japanese, & Korean	Pangkalahatang Publiko, Mga Komunidad ng May Kapansanan at Wika ng Pederal/Estado	Pareho	County Administration Center: 1600 Pacific Hwy, San Diego

Mga Kaganapan sa Komunidad

Ang listahan sa ibaba ay nagrerepresenta sa mga pinagtutuunang kaganapan sa komunidad na dinaluhan ng opisina ng Tagapagrehistro noong 2021 at 2022.

Mga Pakikibahagi at Kaganapan sa Komunidad Ika-20 ng Oktubre, 2021 – Disyembre 2022			
<u>Petsa</u>	<u>Pangalan ng Kaganapan</u>	<u>Lungsod</u>	<u>Host Organization</u>
Ika-21 ng Oktubre, 2021	Southern Indian Health Conference	Alpine	Southern Indian Health/Viejas
Ika-3 ng Nobyembre, 2021	Buwanang Community Health and Resource Fair kada - Unang Miyerkules ng Buwan	San Diego	Dr. Suzanne Afflalo, Kaiser Permanente, YMCA, Many Shades of Pink
Ika-13 ng Nobyembre, 2021	Ride the Point 2021	San Diego	Point Loma Rotary Club
Ika-18 ng Nobyembre, 2021	94th Aero Squadron Social	San Diego	Decentralized Autonomous Organization (DAO)
Ika-1 ng Disyembre, 2021	Pagdiriwang ng Pasko	San Diego	Chinese School of San Diego
Ika-1 ng Disyembre, 2021	Monthly Community Health	San Diego	Health and Resource Fair
Ika-18 ng Disyembre, 2021	Christmas Pow Wow by the Sea	Imperial Beach	Soaring Eagles
Ika-21 ng Enero, 2022	Pakikibahagi ng at Pakikipag-ugnayan sa Botante	Virtual	Asian Solidarity Coalition ASC & Partnership for the Advancement of New American
Ika-28 – Ika-30 ng Enero, 2022	SD Lunar New Year Tet Festival	City Heights	Little Saigon San Diego
Ika-2 ng Pebrero, 2022	Buwanang Community Health and Resource Fair kada - Unang Miyerkules ng Buwan	San Diego	Dr. Suzanne Afflalo, Kaiser Permanente, YMCA, Many Shades of Pink.
Ika-4 – Ika-6 ng Pebrero, 2022	Tet Festival	Mira Mesa	Vietnamese American Youth Alliance
Ika-8 ng Pebrero, 2022	Mesa para sa rehistrasyon ng Botante ng SDSU/SOS	San Diego	SDSU
Ika-12 ng Pebrero, 2022	Festival of Love	City Heights	SD Park & Rec
Ika-12 ng Pebrero, 2022	Rehistrasyon ng Botante sa Hall of Chula Vista Community Congregational Church	Chula Vista	Community Congregational Church of Chula Vista
Ika-20 ng Pebrero, 2022	Chinese New Year Lawn Program	Balboa Park	House of China
Ika-2 ng Marso, 2022	Buwanang Community Health and Resource Fair kada - Unang Miyerkules ng Buwan	San Diego	Dr. Suzanne Afflalo, Kaiser Permanente, YMCA, Many Shades of Pink.
Ika-18 ng Marso, 2022	Presentasyong Pang-edukasyon sa Botante ng VCA na may kasamang Demonstrasyon ng Ballot Marking Device	Valley Center	Valley Center Kiwanis Club
Ika-27 ng Marso, 2022	Rehistrasyon ng Botante at Kaganapang Pang-edukasyon ng Botante - Philippine Consulate Outreach sa Oceanside Library	Oceanside	Council of Philippine American Organization (COPAO) and Filipino American Cultural Organization (FACO)
Ika-1 ng Abril, 2022	El Cajon Business District Car Show	El Cajon	El Cajon Business District
Ika-1 ng Abril, 2022	SDSU Pow Wow	San Diego	SDSU Native American Student Alliance
Ika-1 ng Abril, 2022	Linda Vista Multi-Cultural Fair & Parade	Linda Vista	Linda Vista Multi-Cultural Fair Inc.
Ika-1 ng Abril, 2022	Mga Linggo ng Rehistrasyon ng Botante sa High School	San Diego	San Diego County School Districts

Mga Pakikibahagi at Kaganapan sa Komunidad Ika-20 ng Oktubre, 2021 – Disyembre 2022 (ipinagpapatuloy)

Ika-4 ng Abril, 2022	Buwanang Community Health and Resource Fair kada - Unang Miyerkules ng Buwan	San Diego	Dr. Suzanne Afflalo, Kaiser Permanente, YMCA, Many Shades of Pink.
Ika-18 ng Abril, 2022	Linggo ng Rehistrasyon ng Botante sa High School, Demonstrasyon ng Ballot Marking Device	La Jolla	La Jolla Country Day
Ika-18 ng Abril, 2022	Linggo ng Rehistrasyon ng Botante sa High School, Demonstrasyon ng Ballot Marking Device	San Diego	Crawford High School
Ika-20 ng Abril, 2022	Mga Linggo ng Rehistrasyon ng Botante sa High School	San Dieguito Union High School District	Canyon Crest High
Ika-21 ng Abril, 2022	HIRE Minds Job Fair Employer Event - Booth para sa Rehistrasyon ng Botante	San Diego	Mission Valley Branch Library and San Diego Workforce Partnership
Ika-21 ng Abril, 2022	Veterans of Foreign Wars SABLE Post 2275 - Booth ng Pakikipag-ugnayan sa Botante	El Cajon	Veteran Village and San Diego Blood Bank
Ika-24, Abril, 2022	Earth Fair	San Diego	EarthWorks
Ika-24, Abril, 2022	Earth Fair 2022 - Booth para sa Rehistrasyon ng Botante	Balboa Park	Earth Works
Ika-1 ng Mayo, 2022	Asian Cultural Festival	Mira Mesa	Silk Road Production
Ika-1 ng Mayo, 2022	D6 Night Market	Mira Mesa	Alliance for Quality Education
Ika-4 ng Mayo, 2022	Buwanang Community Health and Resource Fair kada - Unang Miyerkules ng Buwan	San Diego	Dr. Suzanne Afflalo, Kaiser Permanente, YMCA, Many Shades of Pink.
Ika-8 ng Mayo, 2022	2022 Fo Guang Shan Hsi Fang Temple Celebration of Buddha's Birthday at Mother's Day	San Diego	Hsi Fang Temple
Ika-10 - 13 ng Mayo, 2022	VCA Pakikipag-ugnayan at Pakikipag-ugnayan at Presentasyong Pang-educasyon/Rehistrasyon ng Botante	City Heights	SD Library
Ika-12 ng Mayo, 2022	Pakikipag-ugnayan at Rehistrasyon ng Botante sa High School	Chula Vista	Bonita Vista High School and League of Women Voters
Ika-14 ng Mayo, 2022	D6 Neighborhood Fair - dating D6 Night Market	Mira Mesa	Alliance for Quality Education-D6 Neighborhood Fair
Ika-16 - 18 ng Mayo, 2022	VCA Pakikipag-ugnayan at Pakikipag-ugnayan at Presentasyong Pang-educasyon/Rehistrasyon ng Botante	Linda Vista	SD Library
Ika-19 ng Mayo, 2022	Linggo ng Rehistrasyon ng Botante sa High School	Escondido	Escondido Charter High School
Ika-19 - 21 ng Mayo, 2022	VCA Pakikipag-ugnayan at Pakikipag-ugnayan at Presentasyong Pang-educasyon/Rehistrasyon ng Botante	Mira Mesa	SD Library
Ika-1 ng Hunyo, 2022	San Diego County Fair	Del Mar	San Diego County Fair
Ika-1 ng Hunyo, 2022	San Diego Night Market	San Diego	San Diego Night Market
Ika-1 ng Hunyo, 2022	Buwanang Community Health and Resource Fair kada - Unang Miyerkules ng Buwan	San Diego	Dr. Suzanne Afflalo, Kaiser Permanente, YMCA, Many Shades of Pink.

Mga Pakikibahagi at Kaganapan sa Komunidad Ika-20 ng Oktubre, 2021 – Disyembre 2022 (ipinagpapatuloy)

Ika-4 ng Hunyo, 2022	House of China Annual Presentation of Essay Competition at Celebration of Dragon Boat Fest	San Diego	House of China
Ika-12 ng Hunyo, 2022	Ika-124 na Taong Anibersaryo ng Philippine Independence Day	Balboa Park	House of the Philippines (HOP) & Cavite Association of Southern California Inc. (CASCI)
Ika-19 ng Hunyo, 2022	Juneteenth & Friends 2022 Event	La Mesa	La Mesa Juneteenth & Friends
Ika-20 ng Hunyo, 2022	HIRE Minds Job Fair Employer Event - Booth para sa Rehistrasyon ng Botante	San Diego	Mission Valley Branch Library and San Diego Workforce Partnership
Ika-1 ng Hulyo, 2022	Pride Festival	San Diego	San Diego Pride
Ika-6 ng Hulyo, 2022	Buwanang Community Health and Resource Fair kada - Unang Miyerkules ng Buwan	San Diego	Dr. Suzanne Afflalo, Kaiser Permanente, YMCA, Many Shades of Pink.
Ika-15 ng Hulyo, 2022	San Diego Pride	Balboa Park	San Diego LGBT Pride
Ika-30 ng Hulyo, 2022	Leon L Williams Resource Fair	Downtown SD	San Diego County
Ika-30 ng Hulyo, 2022	Ika-2 Annual Filipino-American Friendship Day	NTC Park	API Initiative Inc
Ika-1 ng Agosto, 2022	Barona Pow Wow	Lakeside	Barona Band of Mission Indians
Ika-1 ng Agosto, 2022	National Night Out	San Diego	SDPD
Ika-6 ng Agosto, 2022	BAC Celebration	Chula Vista	BAC (Black Advisory Committee)
Ika-8 ng Agosto, 2022	Buwanang Community Health and Resource Fair kada - Unang Miyerkules ng Buwan	San Diego	Dr. Suzanne Afflalo, Kaiser Permanente, YMCA, Many Shades of Pink.
Ika-13 ng Agosto, 2022	Rehistrasyon at Pagbibigay ng Impormasyon sa Botante - Vietnamese Senior Meet Up	City Heights	Vietnamese Seniors
Ika-13 ng Agosto, 2022	Ika-25 Annual Lemon Festival	Chula Vista	Third Avenue Village Association
Ika-18 ng Agosto, 2022	Park After Dark - City Heights	City Heights	SD Park and Rec
Ika-20 ng Agosto, 2022	Philippine Consular Outreach Mission to San Diego at Mesa para sa Rehistrasyon ng Botante	National City	Council of Philippine American Organization (COPAO) and Philippine Nurses Association in San Diego
Ika-20 ng Agosto, 2022	Park After Dark - City Heights	City Heights	SD Park & Rec
Ika-25 ng Agosto, 2022	Park After Dark – Linda Vista	Linda Vista	SD Park and Rec
Ika-26 ng Agosto, 2022	Vista High School Job Fair	Vista	Vista High School
Ika-27 ng Agosto, 2022	Back to School	Logan Heights	SAY SD
Ika-27 ng Agosto, 2022	08 27 2022 Inisyatibang API - Pagsasanay na APIAVOTE - Mga Serye ng Pagsasanay ng NYMLI	San Diego	APIA Vote and API Initiative
Ika-27 ng Agosto, 2022	Park After Dark – Linda Vista	Linda Vista	SD Park & Rec
Ika-1 ng Septyembre, 2022	Sycuan Pow Wow	El Cajon	Sycuan Band of the Kumeyaay Nation
Ika-1 ng Septyembre, 2022	Mga Linggo ng Rehistrasyon ng Botante sa High School	San Diego	San Diego County School Districts

Mga Pakikibahagi at Kaganapan sa Komunidad Ika-20 ng Oktubre, 2021 – Disyembre 2022 (ipinagpapatuloy)

Ika-7 ng Setyembre, 2022	Buwanang Community Health and Resource Fair kada - Unang Miyerkules ng Buwan	San Diego	Dr. Suzanne Afflalo, Kaiser Permanente, YMCA, Many Shades of Pink.
Ika-10 ng Setyembre, 2022	Mid-Autumn Festival Celebration	San Diego	House of China
Ika-10 ng Setyembre, 2022	Ika-50 Anibersaryo ng COPAO	San Diego	Council of Philippine American Organization (COPAO)
Ika-12 ng Setyembre, 2022	Registration Drive-Escondido Adult Village	Escondido	Pacific Housing Registration Drive
Ika-14 ng Setyembre, 2022	Registration Drive-Palmilla Apartments	Escondido	Pacific Housing Registration Drive
Ika-14 ng Setyembre, 2022	Translation Language Culture & Connection (TLCC) Work Group	Virtual	Translation Language Culture & Connection (TLCC) Work Group
Ika-16 ng Setyembre, 2022	Mexican Independence Day	San Diego	House of Mexico
Ika-17 ng Setyembre, 2022	Oceanside Harbor Days	Oceanside	Oceanside Chamber of Commerce and Oceanside Harbor District
Ika-18 ng Setyembre, 2022	Oceanside Harbor Days	Oceanside	Oceanside Chamber of Commerce and Oceanside Harbor District
Ika-20 ng Setyembre, 2022	Pambansang Araw ng Rehistrasyon ng Botante	Lemon Grove	San Diego County Lemon-Grove Branch
Ika-20 ng Setyembre, 2022	Pambansang Araw ng Rehistrasyon ng Botante	Spring Valley	San Diego County Library – Spring Valley Branch
Ika-20 ng Setyembre, 2022	Pambansang Araw ng Rehistrasyon ng Botante	Santee	San Diego County Santee Branch
Ika-21 ng Setyembre, 2022	Fil-Am Vote Forum - The Filipino Vote	Chula Vista	COPAO and National Federation of Filipino American Association (NaFFAA)
Ika-24 - 25 ng Setyembre, 2022	Adams Ave Street Fair	San Diego	Adams Ave Business Association
Ika-24 ng Setyembre, 2022	Pacific Islander Festival Association Festival	Mission Bay	Pacific Islander Festival Association (PIFA)
Ika-26 ng Setyembre, 2022	Registration Drive-Hacienda del Norte Apartments	Escondido	Pacific Housing Registration Drive
Ika-1 ng Oktubre, 2022	Balboa Park Pow Wow	San Diego	American Indian Health Center
Ika-1 ng Oktubre, 2022	Taste of the Philippines	Balboa Park	House of the Philippines (HOP)
Ika-2 ng Oktubre, 2022	Poway Fall Festival	Poway	Poway Chamber of Commerce
Ika-4 ng Oktubre, 2022	Registration Drive-Sunrise Village Apartments	San Ysidro	Pacific Housing Registration Drive
Ika-5 ng Oktubre, 2022	Buwanang Community Health and Resource Fair kada - Unang Miyerkules ng Buwan	San Diego	Dr. Suzanne Afflalo, Kaiser Permanente, YMCA, Many Shades of Pink.
Ika-6 ng Oktubre, 2022	Registration Drive-Vista Lane Apts.	Chula Vista	Pacific Housing Registration Drive
Ika-8 ng Oktubre, 2022	Double Ten ROC National Day Celebration	San Diego	San Diego Chinese Cultural Association
Ika-8 ng Oktubre, 2022	Vive Tu Vida	San Diego	National Alliance for Hispanic Health

Mga Pakikibahagi at Kaganapan sa Komunidad Ika-20 ng Oktubre, 2021 – Disyembre 2022 (ipinagpapatuloy)

Ika-15 ng Oktubre, 2022	SO SARAP SD - A Philippine American Food & Arts Festival	Downtown San Diego	Philippine American Society and Cultural Arts Troupe (PASACAT)
Ika-19 ng Oktubre, 2022	Registration Drive-Rivera De Villa apts.	San Diego	Pacific Housing Registration Drive
Ika-19 ng Oktubre, 2022	Registration Drive and Food Drive	San Diego	Black Panthers
Ika-22 ng Oktubre, 2022	Registration Drive-Bay View Baptist Church	San Diego	Omega Psi Phi Fraternity, Inc & Bayview Baptist Church
Ika-23 ng Oktubre, 2022	Edukasyon at Presentasyon ng Impormasyon sa Botante - Nhu Lai Thien Tu Temple	San Diego	Nhu Lai Thien Tu
Ika-23 ng Oktubre, 2022	Voter Registration Drive – Bayview Baptist Church	San Diego	Omega Psi Phi Fraternity, Inc & Bayview Baptist Church
Ika-29 ng Oktubre, 2022	Ika-25 na Taunang Día de los Muertos	City Heights	City Heights Business Association
Ika-30 ng Oktubre, 2022	Edukasyon at Presentasyon ng Impormasyon sa Botante – Wesley Church	San Diego	Wesley Church
Ika-30 ng Oktubre, 2022	Edukasyon at Presentasyon ng Impormasyon sa Botante – Phat Da Temple	San Diego	Phat Da Temple
Ika-2 ng Nobyembre, 2022	Buwanang Community Health and Resource Fair kada - Unang Miyerkules ng Buwan	San Diego	Dr. Suzanne Afflalo, Kaiser Permanente, YMCA, Many Shades of Pink.
Ika-12 ng Nobyembre, 2022	Ride the Point	San Diego	Point Loma Rotary Club
Ika-12 ng Nobyembre, 2022	Vietnamese Seniors Meet Up	San Diego	Vietnamese Seniors
Ika-7 ng Disyembre, 2022	Buwanang Community Health and Resource Fair kada - Unang Miyerkules ng Buwan	San Diego	Dr. Suzanne Afflalo, Kaiser Permanente, YMCA, Many Shades of Pink.
Ika-8 ng Disyembre, 2022	Registration Drive-Posada	Jamul	Hispanic Chamber of Commerce
Ika-21 ng Disyembre, 2022	Registration Drive	San Diego	BDSM Social

Mga Kaganapan sa Komunidad (ipinagpapatuloy)

Ang listahan sa ibaba ay nagrepresenta sa mga pinagtutuunang kaganapan sa komunidad na pinaplanong pursigihin ng opisina ng Tagapagrehistro 2023 at 2024. Patuloy na dagdagan ang mga kaganapan. Kung gusto ninyong magrekomenda ng kaganapan, mangyaring mag-email sa rovmail@sdcountry.ca.gov.

Mga Pakikibahagi at Kaganapang Pangkomunidad Enero 2023 – Disyembre 2024			
Ika-20 - 22 ng Enero, 2023	SD Lunar New Year Festival	San Diego	Little Saigon SD
Ika-21 ng Enero, 2023	Chinese New Year Celebration	San Diego	Mira Mesa Chinese Baptist Church
Ika-21 ng Enero, 2023	Chinese New Year Fair	San Diego	House of China
Ika-22 ng Enero, 2023	CEC Chinese New Year Celebration	San Diego	Chinese Evangelical Church of San Diego
Ika-27 - Ika-29 ng Enero, 2023	Tet Festival	San Diego	VAYA
Ika-28 ng Enero, 2023	Chinese New Year Carnival	San Diego	North County Chinese School
Ika-28 ng Enero, 2023	Chinese New Year Celebration	San Diego	San Diego Taiwanese Cultural Association
Ika-28 ng Enero, 2023	Chinese New Year Celebration	San Diego	Chinese School of San Diego and House of China
Ika-29 ng Enero, 2023	Chinese New Year Fair	San Diego	San Diego Chinese Academy
Ika-29 ng Enero, 2023	SDCASEA Annual Celebration & Presentation	San Diego	San Diego Chinese American Science and Engineering
Ika-1 ng Pebrero, 2023	Buwanang Community Health and Resource Fair kada - Unang Miyerkules ng Buwan	San Diego	Dr. Suzanne Afflalo, Kaiser Permanente, YMCA, Many Shades of Pink.
